

## ANG BANAL NA BIBLIYA

**M. Nakatitiyak ka ba na ang Bibliya ay banal?**

**K.** Oo, tiyak na tiyak ko ang tungkol dito; ito ay Banal na Salita ng Diyos.

**M. Basahin mo ang sinabi ni Lucas sa Kabanata 1:2 at 3 tungkol sa kanyang isinulat.**

**K.** *"Alinsunod sa ipinatalos sa atin nilang buhat sa pasimula ay mga saksing nangakakakita at mga ministro ng salita, ay minagaling ko naman, pagkasiyasat na lubos ng pangyayari ng lahat ng mga bagay mula nang una, na isulat sa iyong sunodsunod, kagalanggalang na Teofilo."*

**M. Kung si Lucas ay nagsabi na siya mismo ay hindi isang saksi at ang kanyang kaalamang nakalap ay mula sa mga nakasaksi at hindi mga salitang kinasihan ng Diyos, maniniwala ka pa rin ba na ang Bibliya ay salita ng Diyos?**

**K.** Oo naniniwala pa rin ako na ito ay Salita ng Diyos:

**1.)** Dapat mong tandaan kaibigan na ang mga Kristiano ay naniniwala na ang Diyos ay nakikipag usap sa kanyang mga propeta sa iba't ibang paraan (**Hebreo 1:1, 2**).

**2.)** Bago umakyat si Jesu-Cristo sa langit ay ipinangako niya sa kanyang mga Apostol na nakatanggap ng kanyang mga aral na sila ay papatnubayan ng Banal na Espirito na *magtuturo* at *magpapaalaala* ng lahat na kanyang itinuro (**Juan 14:26**)

**3.)** Ang pinagmulan ng sulat ni Lucas ay "alinsunod sa ipinatalos" ng "mga saksing nangakakakita" at nakatanggap ng mga aral ni Cristo kaya naman tinawag din silang mga "ministro ng salita" ng Diyos (**Lucas 1:1, 2** ihambing sa **Gawa 1:1-3**).

Kung gayon ang paraan ng pagsulat ni Lucas ay isa lamang sa mga iba't ibang paraan ng pagsulat ng Salita ng Diyos at natitiyak kong ito ay tunay nga na Salita ng Diyos dahil ang pinagmulan ng impormasyon ni Lucas ay mula mismo sa mga nakasaksing mga ministro ng *"Salita ng Diyos"* na pinapatnubayan ng Espiritu Santo ayon sa pangako ni Jesus.

**M. Ipinakita ng kasaysayan na ang Bibliya ay nagdanas ng mga pagbabago sa pagdaan ng mga panahon. Ang Revised Standard Version 1952 at 1971, ang New American Standard Bible at ang New World Translation of the Holy Scriptures ay nag-alis ng ilang mga talata kung ihahambing sa King James Version. Ang Reader's Digest ay nagbawas ng limampung porsiyento sa Matandang Tipan at ang Bagong Tipan ay pinaikli sa dalawampu't limang porsiyento. Noong nakalipas na ilang taon, tinangka ng mga teologong Kristiyano na i-desex<sup>[2]</sup> ang Bibliya. Ang ibig bang sabihin ng "banal" ay walang kamalian ang Bibiya?**

K. Dapat mo maunawaan kaibigan na hindi ang Biblia per se sa kanyang orihinal na anyo ang dumanas ng pagbabago dahil, una sa lahat, ang orihinal na manuskrito nito ay hindi na umiiral sa ngayon kaya paano ito babaguhin? At ayon mismo sa inyong paniniwala bago nagkaroon ng inaakalang pagbabago ang Biblia ito dati ay Salita ng Diyos. Sinasabi sa inyong Qur'an sa **Sura 6:115**:

*"The Words of your Rabb has been completed with credibility and justice; there is no way to change His Words. He is the Hearer, the Knower."* (F. Malik translation)

Sa totoo lang, ay wala kayong mababasa ni isang talata sa buong Qur'an na nagpapatunay na ang Biblia na ginagamit ng mga Kristiano sa ngayon ay nabago na sa kanyang anyo. Sa halip, ang Qur'an ay nagpapatotoo na ang binabago sa Salita ng Diyos ay hindi ang mga salita mismo nito kundi ang kahulugan lamang. Ganito ang sinasabi sa **Sura 3:78**:

*“There is among them a section who **distort the Book with their tongues**; (as they read) you would think it is a part of the Book but it is no part of the Book; and they say "That is from Allah" but it is not from Allah: it is they who tell a lie against Allah and (well) they know it!”*

Upang lalo natin maunawaan ang kahulugan nito ay hayaan natin na ang inyo mismong Tafsir o komentaryo ang magpaliwanag nito:

*“Mujahid. Ash-Sha'bi, Al-Hassan, Qatadah and Ar-Rabi' bin Anas said that, <who distort the Book with their tongues.> means, "They alter (Allah's Words)."*

*Al-Bukhari reported that **Ibn 'Abbas** said that the *Ayah* means they alter and add **although none among Allah's creation CAN REMOVE THE WORDS OF ALLAH FROM HIS BOOKS, THEY ALTER AND DISTORT THEIR APPARENT MEANINGS.** Wahb bin Munabbih said, "**The Tawrah and Injil REMAIN AS ALLAH REVEALED THEM, AND NO LETTER IN THEM WAS REMOVED.** However, the people misguide others by addition and false interpretation, relying on books that they wrote themselves." Then, <they say: "This is from Allah," but it is not from Allah;>*

***As for Allah's books, THEY ARE STILL PRESERVED AND CANNOT BE CHANGED.**" Ibn Abi Hatim recorded this statement ... (*Tafsir Ibn Kathir - Abridged, Volume 2, Parts 3, 4 & 5, Surat Al-Baqarah, Verse 253, to Surat An-Nisa, verse 147* [Darussalam Publishers & Distributors, Riyadh, Houston, New York, Lahore; First Edition: March 2000], p. 196; bold and capital emphasis mine)*

Nais ko ipapansin sa iyo kaibigan na ang pinagmulan ng interpretasyon nito ay si Ibn Abbas na isang awtoridad sa aral ng Qur'an dahil bukod sa siya ay isa sa mga *Sahaba*

(kasamahan) ni Muhammad ay pinsan pa nito! Samakatuwid, kaibigan ang mga naunang mga Muslim ay hindi naniniwalang ang Salita ng Diyos kasama na Tawrah (Torah) at Injil (Gospel) ay nabago na kahit isang letra nito!

Tungkol naman sa nabanggit mo na pagkakaiba-iba ng **Revised Standard Version**, **New American Standard Bible** at **New World Translation of the Holy Scriptures** sa **King James Version** ito ay isang isyu patungkol sa “translation” o pagsasalin mula sa original na wika ng Biblia patungo sa ating mga wika na nauunawaan. Hindi ito nangangahulugan na gaya ng nais mong palabasin na maraming magkakaibang uri ng Biblia na iba-iba ang nilalaman. Iisa lamang ang aming Biblia ngunit naisasalin ito sa maraming iba’t ibang wika. Ito ay maihahambing din natin sa inyong Qur’an. Ang Qur’an ay mayroon ding napakaraming iba’t ibang translations subali’t hindi ninyo tinatanggap na maraming iba’t ibang uri ng Qur’an dahil para sa inyo ay iisa lamang ang Qur’an. Ganito ang paliwanag sa **Preface the Revised Standard Version**:

*“Yet the King James Version has grave defects. By the middle of the nineteenth century, the development of Biblical studies and the discovery of many manuscripts more ancient than those upon which the King James Version was based, made it manifest that these defects are so many and so serious as to call for **revision of the English translation.**”*

Sana ay naging maliwanag na ito sa iyo kaibigan na ang *revision* o ang pagbabago ay may kinalaman lamang sa pagsasalin o pagpili ng wastong katumbas na mga salita nito sa wikang ingles o sa ibang wika na mas madaling mauunawaan natin na mga bumabasa sa ating panahon. Muli, nais ko ipaalala sa iyo kaibigan na ayon na mismo sa inyong Qur’an ay hindi maaaring pahintulutan ni Allah na ang Kanyang Salita ay baguhin ninuman kaya yung mga nabanggit mo tungkol sa Reader’s Digest at ilang mga teologong nagsisikap na i-desex ang Biblia ay hindi magtatagumpay.

**M. Ipagpalagay na may isang talatang nagsasabing may isang taong namatay sa gulang na limampu at may isa namang talatang nagsasabing namatay ang taong ito sa gulang na animnapu, maaari kayang ang kapwa pahayag ay tama?**

**K.** Hindi, ang kapwa pahayag ay hindi kailanman magiging tama. Isa lamang ang maaaring maging tama o kapwa mali. Ngunit ito ay depende din kung ang nagbigay ng maling impormasyon ay ginawa ito ng sinasadya o hindi at depende din ito kung ito ay may malaking epekto sa kabuuan ng ipinahahayag na kasaysayan.

**M. Kung ang isang banal na aklat ay naglalaman ng mga talatang nagsasalungatan, ituturing mo pa ba na ito ay banal?**

**K.** Tiyak na hindi na, sapagkat ang isang Banal na Kasulatan ay isang pahayag mula sa Diyos at imposibleng maglaman ito ng mga kamalian o mga talatang nagsasalungatan.

**M. Kung gayon, ito ay hindi rin banal.**

**K.** Tama; ang kabanalan nito ay naglaho na at ito ay nagpapatunay lamang na ang aklat na ito ay hindi galing sa Diyos sa halip ito ay isinulat o gawa lamang ng tao.

**M. Kung magkagayon, hindi mo ito mapagkakatiwalaan nang isandaang porsiyento. Ano kaya ang mga kadahilanan?**

**K.** Maaaring ito ay pagkakamali sa pagtatala; sadyang pagpapalit ng mga tagasulat; pagbabawas o pagdaragdag.

**M. Kung may nagsasalungatang mga talata sa Bibliya, ituturing mo pa rin ba na ito ay banal?**

**K.** Kung totoo man na mayroong salungatan sa Biblia dapat ito ay ipakita mo muna at atin itong pag-aralan nang mabuti bago magkonklusyon. Ang sukatan na ito ay maikakapit din natin sa Qur'an dahil kung ang Qur'an man ay makitaan ng pagsasalungatan ay hindi din dapat ito ituring na banal.

**M. Mayroong maraming nagsasalungatang mga talata sa loob nito.**

K. Sa Matanda ba o sa Bagong Tipan?

**M. Sa parehong mga Tipan. Ang mga ito ang ilan sa mga iyon:**

II Samuel 8:4	I Mga Cronica 18:4
At kinuha ni David sa kaniya ang isang libo at pitong daan na mangangabayo, at dalawang pung libo na naglalakad:	At kumuha si David sa kaniya ng isang libong karo, at pitong libong mangangabayo, at dalawang pung naglalakad:

**T. Isang libo at pitong daan o pitong libo?**

II Samuel 8:9-10	I Mga Cronica 8:9-10
Nang mabalitaan ni <b>Toi</b> na hari sa Hamath na sinaktan ni David ang buong hukbo ni Hadadezer, sinugo nga ni Toi si Joram na kaniyang anak sa haring David, upang bumati sa kaniya sapagka't siya nakipagdigma laban kay Hadadezer at sinaktan niya siya: sapagka't si Hadadezer ay nagkaroon ng mga pakikibaka	At nang mabalitaan ni <b>Tou</b> na hari sa Hamat na sinaktan ni David ang buong hukbo ni Adarezer na hari sa Soba, kaniyang sinugo si Adoram na kaniyang anak sa haring David, upang bumati sa kaniya at purihin siya, sapagka't siya'y lumaban kay Adarezer at sinaktan niya siya (sapagka't si Adarezer ay may mga

kay Toi. At nagdala si Joram ng mga sisidlang pilak, at mga sisidlang ginto, at mga sisidlang tanso.	pakikipagdigma kay Tou); at siya'y nagdala ng lahat na sarisaring kasangkapan ginto, at pilak, at tanso.
--	--

**T. Toi o Tou, Joram o Adoram, Hadadezer o Adarezer?**

<b>II Mga Hari 8:26</b>	<b>II Mga Cronica 22:2</b>
May <b>dalawampu't dalawang taon</b> si Ochozias nang siya'y magpasimula; at siya'y nagharing isang taon sa Jerusalem.	May <b>Apatnapu't dalawang taon</b> si Ochozias nang magpasimulang maghari; at siya'y nagharing isang taon sa Jerusalem;
<b>T. Dalawampu't dalawang taon o apatnapu't dalawang taon?</b>	

<b>II Samuel 10:18</b>	<b>I Mga Cronica 19:18</b>
At ang mga taga Siria ay nagsi-takas sa harap ng Israel; at pu-matay si David sa mga taga Siria ng mga tao ng <b>pitong daang karo</b> , at apat na pung libo na nangangabayo, at sinaktan si Sobach na kapitan sa kanilang hukbo, na anupa't namatay roon.	At ang mga taga Siria ay nagsitakas sa harap ng Israel; at si David ay pumatay sa mga taga Siria ng mga tao sa <b>pitong libong karo</b> , at apat na pung libong naglalakad, at pinatay si Sophach na pinunong kawal ng hukbo.
<b>T. Pitong daang karo o pitong libong karo? Apat na pung libong nangangabayo o naglalakad? Sobach o Sophach?</b>	

<b>II Mga Hari 24:8</b>	<b>II Mga Cronica 36:9</b>
Si Joachin ay may <b>labing walong taon</b> nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y naghari sa Jerusalem na tatlong buwan.	Si Joachin ay may <b>walong taong</b> gulang nang siya'y magpasimu-lang maghari; at siya'y nagharing tatlong buwan at sampung araw sa Jerusalem: ...

**T. Labing walong taon o walong taon? Tatlong buwan o tatlong buwan at sampung araw?**

<b>II Samuel 23:8</b>	<b>I Mga Cronica 11:11</b>
Ito ang mga pangalan ng mga makapangyarihang lalake na nasa kay David: si Josebbasebet na <b>Tachemonita</b> , na pinuno ng mga kapitan; na siya ring si Adino na Eznita, na siyang dumaluhong laban sa walong daan na nangapatay ng paminsan.	At ito ang bilang ng mga makapangyarihang lalake na nasa kay David: si Jasobam, na anak ng isang <b>Hachmonita</b> , na pinuno ng tatlongpu; siya ang nagtaas ng kaniyang sibat laban sa tatlong daan, at pinatay niya sila na paminsan.

**T. Tachemonita o Hachmonita? Walong daan o tatlong daan?**

<b>II Samuel 24:1</b>	<b>I Mga Cronica 21:1</b>
At ang galit ng <b>Panginoon</b> ay nagalab uli laban sa Israel, at kaniyang kinilos si David	At si <b>Satan</b> ay tumayo laban sa Israel, at kinilos si David na bilangin ang Israel.



laban sa kanila, na sinabi, Ikaw ay yumaon, iyong bilangin ang Israel at Juda.	
<b>T. Ang Panginoon ni David, kung gayon, ay si Satan? Huwag nawang ipahintulot ng Diyos na mangyari!</b>	

<b>II Samuel 6:23</b>	<b>II Samuel 21:8</b>
At si <b>Michal</b> na anak ni Saul ay <b>hindi nagkaanak</b> hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan.	Nguni't kinuha ng hari ang dalawang anak ni Rispa, na anak na Aja, na kaniyang ipinanganak kay Saul, si Armoni Mephilobo-seth; <i>at ang limang anak ni Michal na anak na babae ni Saul na kaniyang ipinanganak kay Adriel na anak ni Barzilai, na Molathita:</i>

**T. Si Michal ba ay nagkaroon ng mga anak o hindi? Paalaala: Ang pangalang Michal sa II Samuel 21:8 ay matatagpuan pa rin sa King James Version at sa New World Translation of the Holy Scripture na ginagamit ng mga Saksi ni Jehovah, ngunit ito ay pinalitan ng Merab sa New American Standard Bible 1973.**

**K.** Napansin ko na dito sa mga binanggit mong mga talata ay karamihan ng sinasabi mong salungatan ay may kinalaman sa mga numero at letra sa mga pangalan at hindi mismo sa mensahe ng istorya. Hindi ko na iisa isahin ito kaibigan dahil halos iisa

---

lamang ang nais mo ipahiwatig dito. May ilang mga punto lang ako na nais isagot:

1.) Tanging ang orihinal na texto (autographs) lamang ng Biblia ang tunay na kinasihan ng Diyos at walang pagkakamali kaya hindi nakapagtataka kung makakita tayo ng maliliit na kamalian sa mga kopya na mula sa orihinal.

2.) Ang pagkakamali sa pagsulat ng numero o ng pangalan ng isang tao ay walang kinalaman sa layunin kung bakit naisulat ang Biblia. Naniniwala kaming mga Kristiano na ang Banal na Biblia ay ipinasulat ng Diyos upang makilala ng tao ang tunay na Diyos na dapat sambahin at ang daan ng kaligtasan. Ang tanong ko sa iyo kaibigan ay ito: **Ano ang kinalaman ng maling pagsulat ng numero at pangalan sa kaligtasan ng ating kaluluwa?**

3.) Ang mga binanggit mong halimbawa ng mga maling pagkopya sa numero at pangalan ay hindi nakakaapekto sa dinagkakamaling orihinal na texto nito dahil tiyak na walang ganitong pagkakamali sa orihinal.

4.) Wala tayong mababasa sa Biblia na nangangakong ang mga kopya ng orihinal na manuskrito ay hindi makakaranas ng pagkakamali sa pagkopya sa loob ng libu-libong taon ng pagsasalin-salin nito.

5.) Bagaman mayroong mga pagkakamali sa pagkopya ay mauunawaan pa rin ang kabuuan ng mensahe. Halimbawa ikaw ay nakatanggap ng isang sulat na nagsasabi: *"K#w ay nagwagi ng*

---

---

*P 1 Million*” kahit na may mali sa *spelling* ng unang salita nito nauunawaan mo pa din ang mensahe. At ng sumunod na araw ay nakatanggap ka ulit ng sulat na ang sabi: *“Ika ay nagwagi ng P 1 Million”* ay alam mo pa rin na iisa lang ang mensahe nito. Sa gayun ding paraan ay hindi nito naaapektuhan ang mensahe o doktrina ng Biblia sa kabuuan nito.

Nais ko din bigyan pansin ang ilang talata na ginamit mo na tila baga mayroong salungatan ngunit kung pag aaralan mabuti ay wala naman. Madalas ang problema ay hindi sa Biblia mismo kundi sa maling pagkaunawa lamang sa sinasabi ng mga talata.

1.) **2 Samuel 24 :1** at **1 Cronica 21 :1**. Pinalilitaw mo dito na ang dalawang talatang ito ay magkasalungat dahil sa Samuel ang Diyos ang kumilos kay David upang bilangin ang hukbo ng Israel samantalang sa Cronica naman ay si Satanas ang sinasabing kumilos kay David. **Salungat nga kaya o hindi lang naunawaan ang kontekto at background?** Ang mga Hebreo sa kanilang pagsulat ay hindi palaging naglalagay ng pagkakaiba ng kung sino ang nagpasimula na naging dahilan ng isang pangyayari. Kaya kung ipinahintulot ng Diyos si Satanas na tuksuhin si David na bilangin ang hukbo ng Israel para sa kanila ito ay para bagang Diyos ang gumawa mismo. (ihambing ang **Job 2:3-7**)

2.) **2 Samuel 6:23** at **2 Samuel 21:8**. Natutuwa naman ako kaibigan at napansin mo din na ang **New American Standard Bible** ay nagbigay ng solusyon para ituwid ang tila salungatan dito subalit hindi kompleto ang ibinigay mo na impormasyon dahil lumilitaw na para bang dinoktor na lang ng **NASB** ang talata para maayos

---

---

ang problema. May batayan ba ang **NASB** na gawing **Merab** imbis na **Michal** ang pangalan na tinutukoy sa **2 Samuel 21:8**? Mayroon kaibigan, ito ay ang **1 Samuel 18:19** na ganito ang sinasabi:

*“Ngunit nangyari na sa panahong ibibigay kay David si **Merab** na anak na babae ni Saul, ay ibinigay na asawa kay **Adriel** na **Meholatita**.”*

Samakatwid, ang anak ni Saul na mayroong asawa na ang pangalan ay Adriel ay walang iba kundi si Merab at hindi si Michal. Ang asawa ni Michal ay si David hindi si Adriel (**tal. 27**). Ang sagot sa pagkakamaling ito sa pagkopya ng pangalan ay nabanggit na natin sa kanina.

**M. Ibig mo bang malaman ang iba pa? Hindi pa ba ito sapat upang mapabulaanan ang kabanalan ng Bibliya? Tingnan mo ang Genesis 6:3: "At sinabi ng Panginoon, Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man, sapagka't siya ma'y laman: gayon ma'y magiging isang daan at dalawang pung taon ang kaniyang mga araw."**

Ngunit ilang taon si Noe noong siya ay namatay? Mahigit sa 120 taon. Tingnan mo ang Genesis 9: 29: "At ang lahat ng naging araw ni Noe ay siyam na raan at limang pung taon: at namatay." Iginigiit ng ilang mga teologong Kristiyano na hindi ang pinakamahabang mararating ng buhay ng tao ang tinutukoy ng isandaan at dalawampung taon kundi ang baha ay darating pagkalipas ng isandaan at dalawampung taon. Pati na ito ay hindi rin umaakma dahil sa panahon ng baha si Noe ay dapat

---

---

anim na raan at dalawampung taong gulang (500+120), ngunit ang Bibliya ay nagsasabi na siya ay anim na raang taong gulang. Pag-aralan mo ang mga talatang ito: Genesis 5:32: "At si Noe ay may limang daang taon ..."; Genesis 7:6: "At may anim na raang taon si Noe nang ang baha ng tubig ay dumagsa sa ibabaw ng lupa."

K. Basahin natin ng buo ang **Genesis 5:32** pati ang kontekto nito dahil hindi mo binuo ang pagsipi dahil andito ang pinakasusi para makita mo ang sagot:

"At si Noe ay may limang daang taon: **at naging anak ni Noe** si Sem, si Cham, at si Japhet."

Ayon sa talata, ilang taon si Noe nang magkaroon siya ng anak? **Ika-500 na taon.**

Tignan naman natin ang kontekto sa **Genesis 6 :10** :

« At *nagkaanak si Noe ng tatlong lalake: si Sem, si Cham, at si Japhet.* »

Ang tanong ko sa iyo kaibigan, kailan binanggit ng Diyos na **"magiging isang daan at dalawang pung taon"** ang araw ng mga tao na nakatala sa **Genesis 6:3**, bago magkaanak si Noe o pagkatapos?

Ang talata na mismo ang nagpapatotoo na ito ay **BAGO** pa

---

---

magkaanak si Noe!

Ang binabanggit sa **Genesis 6:3** ay **MAS NAUNA** pa kesa sa binabanggit sa **Genesis 6:10** at ito ay hindi maaaring pagbaligtarin kaibigan!

Bilang suporta sa aking sagot sisipiin ko dito ang isang popular at scholarly na komentaryo sa nasabing talata:

*"Therefore his days shall be 120 years:" this means, not that human life should in future never attain a greater age than 120 years, but that a respite of 120 years should still be granted to the human race. This sentence, as we may gather from the context, was made known to Noah in his 480th year, to be published by him as "preacher of righteousness" (2Pe 2:5) to the degenerate race. (Keil & Delitzsch Commentary on the Old Testament)*

Kaya maliwanag na walang salungatan sa mga binanggit mong mga talata.

**M. Ang Kristiyanismo ay naniniwala na nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang larawan: puti, itim o ano pa man, babae o lalake? Ito ay ayon sa Genesis 1:26: "At sinabi ng Diyos, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis ..." Subalit ito ay sumasalungat sa Isaias 40:18 at 25: "Kanino nga ninyo itutulad ang Dios? o anong wangis ang iwawangis ninyo sa kaniya? ... Kanino nga ninyo itutulad ako upang makaparis ako niya? sabi ng banal." Tingnan mo rin ang Mga Awit 89:6: "Sapagka't sino sa langit ang maitutulad sa Panginoon? Sino sa gitna ng mga anak ng makapangyarihan ang gaya ng Panginoon?" At sa Jeremias**

---

---

**10:6-7: "Walang gaya mo, Oh Panginoon; ... walang gaya mo."**

**K.** Kung tinatanggap mo na ang Kristiyanismo ang naniniwala na nilikha ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan ay hayaan mo na sa amin din manggaling ang sagot.

Ang binabanggit na "**larawan**" o "**wangis**" sa **Genesis 1:26** ay iba kaysa sa mga "**larawan**" o "**wangis**" sa **Isaias 40:18, 25; Awit 89:6** at **Jeremias 10:6-7**. Ang tinutukoy sa kontekto ng Genesis ay ang paglalang ng Diyos sa tao **ayon sa kanyang kabanalan** hindi itsura:

*"At ang dapat makita sa inyo'y ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, kalarawan ng kanyang katuwiran at kabanalan. (Efeso 4:24 Magandang Balita Biblia)*

Samantalang, ang tinutukoy sa **Isaias 40:18, 25; Awit 89:6** at **Jeremias 10:6-7** ay larawan o wangis sa paggawa ng mga dios-diosan.

*"Kanino nga ninyo itutulad ang Dios? o anong wangis ang iwawangis ninyo sa kaniya? Ang larawang inanyuan na binubo ng mangbububo, at binabalot ng ginto ng platero, at binubuan ng mga pilak na kuwintas. Siyang napakadukha sa gayong alay ay pumipili ng isang punong kahoy na hindi malalapok; siya'y humahanap sa ganang kaniya ng isang bihasang manggagawa upang **ihandang larawang inanyuan, na hindi makikilos.**" (Isaias 40:18-20)*

---

*“Walang gaya mo, Oh Panginoon; ikaw ay dakila, at ang iyong pangalan ay dakila sa kapangyarihan. Sinong hindi matatakot sa iyo, Oh Hari ng mga bansa? sapagka't sa iyo nauukol; palibhasa'y sa gitna ng lahat ng pantas sa mga bansa, at sa lahat nilang kaharian, ay walang gaya mo. Kundi sila'y pawang tampalasan at hangal turo ng mga dios-diosan, yao'y kahoy lamang.” Jeremias 10:6, 7*

M. Pumunta tayo ngayon sa Bagong Tipan.

<b>Juan 5:37</b>	<b>Juan 14:9</b>
Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang kaniyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo.	"... ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama. ..."
<b>Juan 5:31</b>	<b>Juan 8:14</b>
Kung ako'y nagpapatotoo tungkol sa aking sarili, <i>ang patotoo ko ay hindi katotohanan.</i>	Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Bagama't ako'y nagpapa- totoo sa akin din, <i>ay totoo ang aking patotoo.</i>

K. Upang makita natin ang sagot kaibigan mas maigi kung sisipiin natin ng buo ang **JUAN 5:37** dahil hindi kompleto ang pagsipi mo:

**“At ang Ama na nagsugo sa akin, ay siyang nagpatotoo tungkol sa akin.** Kailanma’y hindi ninyo **narinig** ang kaniyang tinig, ni hindi man ninyo **nakita** ang kaniyang anyo.”

---



---

Maliwanag na sinasabi sa unahan ng talata na ang hindi nila narinig o nakita ay  
Hindi ang literal na pagkarinig ng tainga o literal na pagkakita ng mga mata ng  
Diyos sa halip ito ay tumutukoy sa hindi **PAGSUNOD** sa mga bagay na alam  
nilang nakasulat sa kanilang mga Kasulatan na naglalaman ng mga patotoo ng  
kanyang Ama sa langit (v.39)

*“The word “hear,” in this place, is to be understood in the sense of “obey” or listen to. See the notes at John 5:25. The voice of God means his commands or his declarations,*

*however made; and the Saviour said that it had been the “characteristic” of the Jews that they had not listened to the voice or command of God. As this had been their general characteristic, it was not wonderful that they disregarded now his testimony in regard to the Messiah.” (Albert Barnes Notes on the Bible)*

At patungkol naman sa kahulugan ng hindi pagkakita ng mga Hudio ng “anyo” ng Diyos ganito ang sinasabi ni **Albert Barnes**:

*“As the word “hear” means to obey, to listen to, so the word “see” means “to pay attention to, to regard” 2 John 1:8; 1John 3:6, and thus throws light on **John 14:9**; “He that hath seen me hath seen the Father.” “I am a ‘manifestation’ of God - God*

---

---

*appearing in human flesh, as he appeared formerly in the symbol of the cloud; and he that 'regards me,' or attends to me, regards the Father.*" (Albert Barnes Notes on the Bible)

Tungkol naman sa **JUAN 5:31** at **JUAN 8:14** ay para bang mayroong salungatan subali't ito ay mangyayari lamang kung isasawalang bahala natin ang konteksto ng mga talata. Nang sabihin ni Jesus sa **JUAN 5:31** na ang patotoo niya ay hindi katotohanan ito ay ayon sa pananaw ng mga Hudiong hindi naniniwala sa kanya na para sa kanila kailangan pa ng patotoo ng dalawa o tatlong mga saksi (**Deut. 19:15**) samantalang sa **JUAN 8:14** ay pinatutunayan naman ni Jesus na sa katunayan ay hindi na niya kailangan pa ng iba pang magpapatotoo dahil bilang ang Mesias ang lahat ng mga sinasabi niya ay pawang mga katotohanan!

Kaya kaibigan maliwanag na walan talagang salungatan o problema sa mga talatang ginamit mo ang kailangan mo lang ay konting tiyaga sa pagsusuri at mas malalim na pag-aaral.

**M. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga pagkakasalungatan sa Bagong Tipan. Makatatagpo ka pa ng higit na marami kung ating tatalakayin ang katotohanan ng mga doktrina ng makabagong Kristiyanismo gaya ng Trinidad, Pagka-Diyos ni Jesus, Pagka-Diyos-anak ni Jesus, Pagmamana ng kasalanan, Pagtubos ng Kasalanan, at huwag nang banggitin pa ang pang-aalipusta sa maraming Propeta sa Bibliya sa pagpapatatang sa kanila bilang mga mananamba ng mga diyus-diyusan, at pagpapatatang sa kanila ng pangangalunya sa kamag-anak at di-**

---

---

**kamag-anak, at panggagahasa.**

**K.** Ilahad mo muna ang iyong mga ebidensya at papakinggan muna kita bago ko ibigay ang tamang pagkaunawa sa mga babasahin mo.

**M.** Nasasaad na si Noe ay nalasing hanggang sa siya ay naging hubo't hubad na sa harap ng kanyang mga anak na nasa hustong gulang na (Genesis 9:23-24): *"At kumuha si Sem at si Jafet ng isang balabal, at isinabalikat nilang dalawa, at lumakad ng paurong at tinakpan ang kahubaran ng kanilang ama; at ang mukha nila ay patalikod, at hindi nila nakita ang kahubaran ng kanilang ama. At nagising si Noe sa kaniyang pagkalango sa alak, at naalaman ang ginawa sa kaniya ng kaniyang bunsong anak."*

Si Solomon ay pinaratangan hindi lamang ng pagkakaroon ng maraming asawa, kundi pati ng pagsamba sa mga diyus-diyusan (1 Mga Hari 11:9-10): *"At ang Panginoo'y nagalit kay Solomon ... At siyang nag-utos sa kaniya tungkol sa bagay na ito, na siya'y huwag sumunod sa ibang mga dios; ngunit hindi niya iningatan ang iniutos ng Panginoon."*

Si Aaron, na isang Propetang sumama sa kanyang kapatid na si Moises sa pagpunta kay Paraon, ay pinaratangan din na humugis sa gintong guya upang sambahin ng mga Israelita (Exodo 32:4): *"At kaniyang (Aaron) tinanggap sa kanilang kamay, at niyari sa pamamagitan ng isang buril, at ginawang isang*

---

---

*guyang binubo, at kanilang sinabi, Ang mga ito ang maging iyong mga dios, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto."*

Mababasa mo rin ang pangangalunya ni Propeta Lot sa kanyang dalawang anak (Genesis 19:36): *"Sa ganito'y kapuwa nagdalangtao ang mga anak ni Lot sa pamamagitan ng kanilang ama."*

Makababasa ka rin ng isang Propetang ang dalawang asawa ay magkapatid (Genesis 29:28): *"At gayon ang ginawa ni Jacob, at tinapos niya ang sanglinggo nito, at ibinigay ni Laban sa kaniya si Raquel na kaniyang anak na maging asawa niya."*

May isa pang Propeta na pinaratangan ng pangangalunya (II Samuel 11:4-5): *"At si David ay nagsugo ng mga sugo, at kinuha siya; at siya'y pumaroon sa kaniya, at kaniyang sinipingan siya (sapagka't siya'y malinis sa kaniyang karumihan;) at siya'y bumalik sa kaniyang bahay. At ang babae ay naglihi; at siya'y nagsugo at nasaysay kay David, at nagsabi: Ako'y buntis."*

Ang aking katanungan ay: Papaano matatanggap si David, kung gayon, sa talaangkanan ni Jesus kung ang talaangkanang ito ay nagsimula sa isang taong nangalunya? Huwag sanang ipahintulot ng Allah na ito ay nangyari! Hindi kaya ito ay isang kasalungatan sa nabanggit sa Deuteronomio 23:2: *"Isang anak sa ligaw ay huwag papasok sa kapisanan ng Panginoon; hanggang sa ikasangpung salin ng lahi ay walang sa kaniya'y makapapasok sa kapisanan ng Panginoon."*

---

May isa pang paratang ng pangangalunya sa kamag-anak na may kasama pang panggagahasa na isinagawa ni Ammon, na anak ni David, sa kanyang kapatid sa ama na si Tamar (II Samuel 13:14): *"Gayon ma'y hindi niya (Ammon) dininig ang kaniyang tinig; kundi palibhasa't siya'y malakas kay sa kaniya (Tamar), dinahas niya siya, at sumiping sa kaniya."*

Mayroon pang maramihang panggagahasang isinagawa si Absalom sa mga babae (concubine) ni David na nasasaad sa II Samuel 16:22: *"Sa gayo'y kanilang ipinagladlad si Absalom ng isang tolda sa bubungan ng bahay; at sinipingan ni Absalom ang mga babae ng kaniyang ama sa paningin ng boong Israel."* (Hindi ako makapaniwalang magagawa ng sinumang tao ang kahayupang ito, kahit na ang mga barbaro ay hindi ito magagawa.)

May isa pang pangangalunya sa kamag-anak na isinagawa naman ni Juda kay Tamar na kanyang manugang. Noong si Juda ay patungo sa Timnat upang gupitan ang kanyang mga tupa ay nakita niya si Tamar. Inakala niyang ito ay isang patutot sapagkat tinakpan nito ang mukha nito (Genesis 38:18): *"At kaniyang sinabi, Anong sangla ang ibibigay ko sa iyo? At kaniyang sinabi, Ang iyong singsing, at ang iyong pamigkis, at ang tungkod na dala mo sa kamay. At kaniyang ipinagbigay sa kaniya, at sumiping sa kaniya; at siya'y naglihi sa pamamagitan niya."*

Bagamat ang mga Hudyo at ang mga Muslim ay mahigpit na mag-kaaway, walang Muslim na maglalakas-loob na sumulat ng isang aklat at paratangan ang alinmang Israelitang Propeta gaya

---

---

nina Juda, David, Jesus, at iba pa (SlaKP), ng panggagahasa, pangangalunya sa di-kamag-anak at kamag-anak o pagpatol sa patutot.

**Ang lahat ng Propeta ay isinugo ng Allah upang pumatnubay sa mga tao. Maiisip mo kaya na ang Diyos ay nagsugo ng maling mga tao upang pumatnubay?**

**K.** Ang mga bagay na iyong nabanggit ay hindi mga bagong bagay sa Biblia at mismo sa inyong Quran ay pinatutunayan na ang mga propeta ay kagaya din natin na mga taong nagkakasala. Ang mga pagkakasalang ito ay maliwanag na binanggit sa Biblia hindi upang tularan natin kundi upang ipakita sa atin ng Diyos kung anong uri ng mga kasalanan ang dapat na ingatan ng kanyang mga lingkod. Ang doktrina ng Islam na ang mga propeta ng Diyos ay hindi maaaring magkasala ay labag mismo sa Quran. At dito ay makikita natin na ang Biblia at ang Quran ay nagkakaisa. Magbibigay ako sa iyo ng ilang halimbawa:

**ABRAHAM:** *"forgive me my sins on the Day of Judgment"* (Sura 26:81)

**MOSES:** *"O my Lord! I have wronged my soul, so forgive me!"* (Sura 28:15, 16)

**DAVID:** *"he asked forgiveness of his Lord"* (Sura 38:21-25)

Nais kong ipapansin sa iyo kaibigan na kung babasahin natin ang konteksto ay mapapatunayan natin na ang tinutukoy na kasalanan ni David dito ay ang pangangalunya.

---

**Sura 38:21-23** – May nagpakitang dalawang lalaki kay David isa dito ang inagawan ng kaisa-isang babaing tupa ng isang lalake na mayroon namang siyamnapu't siyam na tupa. Ihambing ang pagkakatulad nito sa **2 Samuel 12:1-4**.

**Sura 38:26** – Ayon sa Sura na ito ang pagkakasala ni David ay may kinalaman sa “Lusts” na kanyang sinunod. Ito naman ang pagkakatulad sa **2 Samuel 12 :9-14**.

**MUHAMMAD:** *“So know (O Muhammad) that there is no God save Allah, and ask forgiveness for thy sin and for believing men and believing women. Allah knoweth (both) your place of turmoil and your place of rest.”***(Pickthall Translation)**

Alam mo ba kaibigan na ang isang pinakamatinding kasalanan ni Muhammad ayon na din sa mga historyador na muslim ay ang pagpapahintulot na sumamba sa mga huwad na diyos na sina **Al-Lat, Manat** and **Al-Uzza**? Ito ay mas kilala sa katawagang “Satanic Verses”!

Ayon sa mga naunang mga muslim biographers ni Muhammad, ang kanilang propeta ay nadaya ni Satanas upang ipahayag na ang pagsamba sa mga paganong dios ay bahagi ng Quran. Bandang huli kanyang pinagsisihan ito ng siya ay ituwid ng Anghel na si Gabriel. Ito ang ebidensya kaibigan mula sa isang autoridad na Muslim na si **al-Tabari**:

***Satan Casts a False Revelation on the Messenger of God's Tongue***  
*The Messenger of God was eager for the welfare of his people and wished to effect reconciliation with them in whatever ways he could. It is said*

---

---

that he wanted to find a way to do this, and what happened was as follows. Ibn Humayd – Salamah--Muhammad b. Ishaq – Yazid b. Ziyad al-Madani – Muhammad b. Kali al-Qurazi: When the Messenger of God saw how his tribe turned their backs on him and was grieved to see them shunning the message he had brought to them from God, he longed in his soul that something would come to him from God which would reconcile him with his tribe. With his love for his tribe and his eagerness for their welfare it would have delighted him if some of the difficulties which they made for him could have been smoothed out, and he debated with himself and fervently desired such an outcome. Then God revealed:

***By the Star when it sets, your comrade does not err, nor is he deceived; nor does he speak out of (his own) desire ... and when he came to the words: Have you thought upon al-Lat and al-'Uzza and Manat, the third, the other? Satan cast on his tongue, because of his inner debates and what he desired to bring to his people, the words:***

***These are the high-flying cranes; verily their intercession is accepted with approval.***

When Quraysh heard this, they rejoiced and were happy and delighted at the way in which he spoke of their gods, and they listened to him, while the Muslims, having complete trust in their Prophet in respect of the messages which he brought from God, did not suspect him of error, illusion, or mistake. When he came to the prostration, having completed the surah, ***he prostrated himself and the Muslims did likewise***, following their Prophet, trusting in the message which he had brought and following his example. ***Those polytheists of the Quraysh and***

---



---

*others who were in the Mosque likewise prostrated themselves because of the reference [1193] to their gods which they had heard, so that there was no one in the mosque, believer or unbeliever, who did not prostrate himself.* (Al-Tabari (838? - 923 A.D.), *The History of al-Tabari (Ta'rikh al-rusul wa'l-muluk)*, Vol. VI: Muhammad at Mecca, Translated by W. M. Watt and M.V. McDonald, State University of New York Press, Albany, NY, 1988, ISBN: 0-88706-707-7, pp. 107-112.)

Kapag binasa mo ngayon ang **Sura 53:19** patuloy ay hindi na makikita doon ang may kinalaman sa pagsamba sa mga diyos-diyosan na ito. Ang bahagi na kung saan ang mga muslim pati mga pagano ay nagkaisang lumuhod ay nabanggit din sa inyong Hadith sa Sahih Bukhari:

*"Narrated Ibn Abbas*

*The Prophet I prostrated while reciting An-Najm(Sura 53) and with him prostrated the Muslims, the pagans, the jinns, and all human beings."*

**(Sahih Al-Bukhari: volume 2, book 19, number 177, Khan)**

Isa pa kaibigan na lalabagin mo ay yaong sinasabi sa inyong Hadith na ang tanging tao na hindi nagkasala ay yaon lamang mag-ina na si Maria at si Jesus:

*Narrated Said bin Al Musaiyab*

*Abu Huraira said, "The Prophet said, 'No child is born but that, Satan touches it when it is born where upon it starts crying*

---

---

*loudly because of being touched by Satan, except Mary and her Son.' (Sahih Al-Bukhari, Volume 6, Book 60, Number 71)*

Kaya maliwanag kaibigan na yaong paniniwala na ang mga propeta ay hindi maaaring magkasala ay hindi mismo katuruan sa inyong Quran at mga Islamic resources dahil si Maria at si Jesus lamang ang hindi daw nahawakan ni Satanas para magkasala. Sino ngayon ang paniniwalaan ko Quran, Hadith o ikaw?

*M. Naniniwala kami sa lahat ng Kasulatan ng Diyos, ngunit sa orihinal na anyo ng mga ito. Ang Diyos ay nagsugo ng Propeta sa bawat bansa bilang tagapagbabala, at ang ilan sa kanila ay may Kasulatan bilang patnubay sa partikular na bansang yaon lamang. Binigyan ng Suhuf (Kalatas) si Abraham, ng Tawrah (Bahagi ng Matandang Tipan) si Moises, ng Zabōr (Salmo) si David, at ng Injīl (Ebanghelyo) si Jesus. Wala ni isa man sa mga Kasulatang ito ang nanatili sa orihinal na anyo sa ngayon. Bahagi ng tunay na plano ni Allah, sa wakas ay isinugo Niya si Muhammad (SKP) bilang kahuli-hulihan sa lahat ng Propeta, na dala ang Banal na Qur'an bilang gabay para sa buong sangkatauhan, sa anumang pook at sa anumang panahon.*

Si Jesus mismo ay nagsabing siya ay isinugo lamang sa mga tao ng Israel (Mateo 15:24): "Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi, Hindi ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel"; (Mateo 1:21): "At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y Jesus; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan." Nagsabi

---

---

pa nga siya na hindi siya pumarito upang gumawa ng mga pagbabago sa batas kundi upang ganapin (Mateo 5:17-18): "Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangagwala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay."

K. Bago mo sana sabihin na naniniwala ka sa mga orihinal na anyo ng mga nabanggit mong mga Kasulatan na ibinigay noon sa mga propeta dapat pinatunayan mo muna na umiiral nga talaga ang mga nasabing Kasulatan. At dahil ikaw na din mismo ang nagsabi na « *Wala ni isa man sa mga Kasulatang ito ang nanatili sa orihinal na anyo sa ngayon* » kung gayon ang tanong ko sa iyo paano mo ito natiyak ? Para masabi mo na hindi na nananatili ang mga ito sa orihinal na anyo dapat ay nahawakan at nakita mo mismo ito para ipagkumpara kung talagang nawala na nga ? Mapapatunayan mo ba sa kasaysayan kung kailang ito nawala ? Sino ang nagwala ? Paano ito nawala ? At kung totoo man na ito ay nawala hindi ba kasalanan ito ni Allah dahil ito ay kanyang napabayaang ? Hindi ba nangako si Allah sa Quran na « *None can change His Words* » (Surah 6:115)? Paano mo ngayon sasalungatin ang sinasabi ng mismong autoridad na Tafsir or commentary ni Ibn Kathir? Sabi niya:

*“Al-Bukhari reported that Ibn 'Abbas said that the Ayah means they alter and add although none among Allah's creation CAN REMOVE THE WORDS OF ALLAH FROM HIS BOOKS, THEY ALTER*

---

---

**AND DISTORT THEIR APPARENT MEANINGS.** *Wahb bin Munabbih said, "The Tawrah and Injil REMAIN AS ALLAH REVEALED THEM, AND NO LETTER IN THEM WAS REMOVED.*

*However, the people misguide others by addition and false interpretation, relying on books that they wrote themselves." (Tafsir Ibn Kathir - Abridged, Volume 2, Parts 3, 4 & 5, Surat Al-Baqarah, Verse 253, to Surat An-Nisa, verse 147, abridged by a group of scholars under the supervision of Shaykh Safiur-Rahman Al-Mubarakpuri p. 196)*

Ikaw na din ang sumipi kaibigan ng sinabi ni Jesus sa **Mateo 5:17** na kahit *"isang tuldok o isang kudlit"* ay hindi mawawala sa Kasulatan hanggang sa mawala ang langit at ang lupa. Hindi ba sinasalungat mo ang iyong sarili?

**M. Ito ay sumasalungat sa binanggit sa itaas sa Mateo 15:24 at Mateo 1:21.**

**K.** Mali din kaibigan ang pagkaunawa mo sa mga talatang **Mateo 15:24** at **Mateo 1:21**. Nang sanggol pa man si Jesus ay binanggit na ang kanyang pagliligtas ay hindi lamang para sa mga Israelita kundi maging sa mga Gentil na kagaya din natin.

*"Sa patnubay ng Espiritu ay pumasok siya sa templo. Nang ipasok ng mga magulang sa templo ang sanggol na si Jesus upang gawin sa kanya ang naaayon sa kaugalian sa ilalim ng kautusan, inilagay niya ang*

---

---

sanggol sa kanyang mga bisig, pinuri ang Diyos, at sinabi, "Panginoon, ngayon ay hayaan mong ang iyong alipin ay pumanaw na may kapayapaan, ayon sa iyong salita, sapagkat nakita ng aking mga mata ang iyong pagliligtas, na iyong inihanda sa harapan ng lahat ng mga tao, isang ilaw upang magpahayag sa mga Hentil, at para sa kaluwalhatian ng iyong bayang Israel." (Luk 2:27-32 ABAB)

Sinabi ni Jesus "ang kaligtasan ay **MULA** sa mga Judio."(Joh 4:22 ABAB)Hindi sinabing para sa mga Judio lamang. At magmula sa mga Judio ano ang panukala mismo ni Jesus?

*"At ipangaral ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa kanyang pangalan sa lahat ng mga bansa, **MULA** sa Jerusalem." (Luk 24:47 ABAB)*

Sang-ayon din ang Qur'an sa pananaw na si Jesus ay hindi lamang isang tanda ng Diyos para sa mga Judio kundi para sa **SANGKATAUHAN**.

*"He said: So (it will be). Thy Lord saith: It is easy for Me. And (it will be) that We may make of him a revelation for mankind and a mercy from Us, and it is a thing ordained." (Sura 19:21, Pickthall)*

**M. Pangalawa, ang Marcos 16:9-20 ay inalis na sa maraming Bibliya. Inilagay ng New American Standard Bible ang bahaging ito sa loob ng mga panaklong at sumulat ng sumusunod na komentaryo: "Ang ilan sa mga napakatandang manuskrito ay**

---

---

nag-alis ng mula sa bersikulo 9 hanggang 20." Inamin ng New World Translation of the Holy Scriptures na ginagamit ng mga Saksi ni Jehovah na ang ibang mga matandang manuskrito ay nagdagdag ng isang mahabang pagtatapos o isang maikling pagtatapos pagkatapos ng Marcos 16:8, ngunit ang iba naman ay nag-alis. At ang Revised Standard Version ay sumulat ng sumusunod na talibaba: "Ang ilan sa mga sinaunang awtoridad ay nagbigay sa aklat [ni Marcos] ng pagtatapos sa katapusan ng [kapitulo 16] bersikulo 8 ..." Ito ay nangangahulugan din na ang pagkabuhay na mag-uli [ni Jesus] ay hindi totoo gaya ng paglalarawan dito sa Marcos 16:9.

K. Hindi siya inalis dahil sa mali ang mga sinasabi nito, kundi dahil sa ang mga **talatang 9 hanggang 20** ay hindi matatagpuan sa mga mas nakatatandang kopyang manuskrito. Mahalaga na malaman mo kaibigan na :

1. Kahit alisin o hindi ang **mga talatang 9 hanggang 20** ay hindi makakaapekto sa kabuoan ng turo tungkol sa kamatayan at muling pagkabuhay maguli ni Jesus.
2. Ang nilalaman ng **mga talatang 9 hanggang 20** ay masusumpungan din sa ilang bahagi ng ebanghelyo. Hal. **tal. 9-11**(Juan 20 :11-18) **tal. 12-13** (Lucas 24 :13-35) **tal. 14-18** (Mateo 28 :19; Lukas 24 :36-43) **tal. 19-20** (Gawa 1 :8-9)
3. Wala ni isa man sa **mga talatang 9 hanggang 20** ang nagsasaad ng mga maling katuruan na sumasalungat sa ibang bahagi ng Biblia kaya hindi maaaring gamitin ito na patotoo na ang Biblia namin ay nabago na ang turo.

---

**M. Ang "lahat ng mga bansa" ay kailangang ipaliwanag na lahat ng labindalawang lipi ng Israel at kung hindi ay sumasalungat ito sa Mateo 15:24 at Mateo 1:21. Sa New American Standard Bible at sa New World Translation of the Holy Scriptures ay hindi ito isinaling all nations (lahat ng mga bansa) kundi all the nations, na nangangahulugang ang labindalawang lipi ng Israel.**

**K. Hindi kaya kaibigan ikaw ang sumasalungat at hindi ang Biblia? Kung tatatandaan mo maging ang Quran (Sura 19:21) ay nagpapatunay kasama ng Biblia na si Jesus ay kapahayagan para sa SANGKATAUHAN. At hindi na kailangang pilipitin ang pagpapaliwanag kung ano ang ibig sabihin ni Jesus sa "lahat ng mga bansa" dahil siya na mismo ang nagpaliwanag nito:**

*"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." (Act 1:8 ABAB)*

Ang Samaria kaibigan ay hindi maaaring maging isa sa lipi ng Israel *"Sapagkat hindi nakikisama ang mga Judio sa mga Samaritano."(Joh 4:9 ABAB)*

Isa pa, ang mga lipi ni Israel kailanman ay hindi tinatawag sa Biblia na **"Nations"** (plural) kundi **"Nation"** (Singular) lang. **(Exodus 19:6; Josue 5:6; Filipos 3:5)**

**M. Ano ngayon ang palagay mo sa Bibliya?**

---

---

**K.** Ang paniniwala ko sa Biblia ay lalong tumibay na ito ay ang tunay na Salita ng Diyos dahil sa kabila ng lahat ng mga argumento na iyong ginamit laban dito ay hindi mo ito napatunayan na huwad. Napatunayan ko din na kaya karamihan sa inyong mga Muslim ay hindi naniniwala sa Biblia bilang tunay na Salita ng Diyos ay dahil sa mali ang paraan ng inyong paggamit dito. Madalas ay sinisipi ninyo ito ng wala sa kontekto at hindi isinasaalang-alang ang tunay na diwa gaya ng iyong ginagawa. Kung halimbawa ay ganito ang gawin ko sa inyong Qur'an papaniwalaan mo ba agad? Siyempre hindi! Kaya dapat ay magbigay tayo kapwa ng respeto sa mga kinikilala nating mga Banal na Aklat at pag-aralan ito batay sa tamang pamamaraan at hindi dahil sa gusto lamang natin makakita ng kamalian dito. Dapat ay maganda ang ating motibo sa pagsusuri upang marating natin ang tumpak na kaalaman.

---